



## Karapatan mong tumanggap ng “Good Faith Estimate” na nagpapaliwanag kung magiging magkano ang iyong medikal na pangangalaga

Sa ilalim ng batas, kailangang magbigay ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa **mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance** ng estimate ng bayarin para sa mga medikal na gamit at serbisyo.

- Karapatan mong tumanggap ng Good Faith Estimate para sa kabuuang inaasahang halaga ng anumang hindi pang-emergency na gamit o serbisyo. Kasama rito ang mga kaugnay na gastusin gaya ng mga medikal na pagsusuri, inireresetang gamot, kagamitan, at bayarin sa ospital.
- Tiyaking bibigyan ka ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na Good Faith Estimate:
  - Kapag nakaiskedyul ang iyong medikal na serbisyo o gamit nang mas maaga nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo: Hindi lalampas nang 1 araw ng negosyo pagkatapos ng petsa ng pag-iskedyul.
  - Kapag nakaiskedyul ang iyong medikal na serbisyo o gamit nang mas maaga nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo: Hindi lalampas nang 3 araw ng negosyo pagkatapos ng petsa ng pag-iskedyul.
- Pwede kang manghingi ng Good Faith Estimate sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at sa sinupamang provider na pipiliin mo, bago ka mag-iskedyul ng gamit o serbisyo, at dapat niya itong ibigay nang hindi lalampas nang 3 araw ng negosyo pagkatapos mong humiling.
- Kung makakatanggap ka ng bill na mas mataas nang hindi bababa sa \$400 kaysa sa iyong Good Faith Estimate, pwede mong i-dispute ang iyong bill.
- Tiyaking magtabi ng kopya o larawan ng iyong Good Faith Estimate.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatang tumanggap ng Good Faith Estimate, bumisita sa [www.cms.gov/nosurprises](http://www.cms.gov/nosurprises) o tumawag sa **1-800-985-3059**.